Republic of the Philippines

**Department of Education**

**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 3

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 2: Kaugnayan ng Heograpiya sa Pagbuo at Paghubog ng Uri ng Pamumuhay ng mga Lalawigan at Rehiyon

## Kabuhayan Mo, Ipagmalaki Mo






Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Roselyn R. De Leon, Mae Jessa Jill T. Sutina
**Editor:** Jurenda R. Amaro
**Tagasuri:** Leizel C. Caballero
Eva D. Busaing
**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Mae Jessa Jill T. Sutina
**Tagapamahala:** Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Juliet A. Magallanes, EdD
CID Chief

Florencio R. Caballero, DTE
EPS - LRMDS

Alma L. Carbonilla, EdD
EPS – Araling Panlipunan



# Alamin

- Naipaliliwanag ang kaugnayan ng heograpiya sa pagbuo at paghubog ng uri ng pamumuhay ng mga lalawigan at rehiyon. (AP3PKRIIIa-2)



# Balikan

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga katanungan. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ito sa inyong papel.

1. Ito ay ang nakagawian ng mga tao sa isang lugar, tulad ng mga paniniwala, tradisyon, sining, pagdiriwang at pananaw?
   A. Pananampalataya C. Hanapbuhay
   B. Kultura D. Pananalig
2. Alin sa mga sumusunod ang bahagi ng di-materyal na kultura?
   A. Pagkain C. Edukasyon
   B. Kasuotan D. Kasangkapan

3. Ang kangan, bahag at putong ay ang mga kasuotan ng mga sinaunang Pilipino? Anong uri ng kultura ito?
    A. Materyal    C. Semi-materyal
    B. Di-materyal    D. Di nakikita
4. Bakit mahalaga na malaman mo ang kultura ng sariling lalawigan at rehiyon?
    A. Upang maisa-isa mo ang kultura at kaugalian ng sariling lalawigan
    B. Upang mailahad mo ang iyong kultura sa ibang tao
    C. Upang maipagmayabang mo ang kultura ng sariling lugar
    D. Upang malaman, maintindihan at mapahalagahan mo ang kultura ng sariling lugar
5. Paano mo mapahalagahan ang sariling kultura?
    A. Pag-aaralan ko ang kaugalian at kultura ng sariling lugar upang maunawaan ito.
    B. Aalamin ko ang kasaysayan at kultura ng sariling lalawigan at rehiyon.
    C. Pag-aralan at ihahambing ko ang kultura ng aking sariling lalawigan at rehiyon sa ibang mga lugar.
    D. Wala akong gagawin.

| Aralin | **Ang Kaugnayan ng Heograpiya sa Pagbuo at Paghubog ng Uri ng Pamumuhay sa mga Lalawigan at Rehiyon** |
| --- | --- |



# Tuklasin

Mayroong kaugnayan ang heograpiya o pisikal na kapaligiran ng lugar at ang uri ng pamumuhay ng mga tao dito. Saan matatagpuan ang inyong lalawigan at rehiyon? Ano ang mga produkto na tanyag sa inyong lalawigan at rehiyon? Anu-anong uri ng pamumuhay mayroon ang mga tao sa iyong lalawigan at rehiyon? Kung natatandaan ninyo, ang heograpiya o pisikal na katangian ng iyong lalawigan at rehiyon, maiisip mo rin kung bakit naging ganyan ang mga uri ng pamumuhay ng mga mamamayan dito.

Sa nakaraang aralin ay natutuhan mo ang mga kaugalian, tradisyon, produkto, sining, at iba pa na bumubuo ng kultura ng sariling lalawigan at rehiyon.

Malaki ang kinalaman ng lokasyon at heograpiya ng mga lalawigan at rehiyon sa pagbuo at paghubog ng uri ng pamumuhay ng mga tao rito. May impluwensya ang mga ito sa mga produktong ginagawa sa lugar, sa uri ng pananim at maging sa pagluluto ng pagkain, mga pananamit, at uri ng pamamahay. Sa mga taong nakatira sa mga lugar na urban, maaring ang kanilang mga trabaho ay nasa mga opisina. Sa kabilang banda, maaring ang karamihan ng trabaho sa mga lugar na rural naman ay may kinalaman sa agrikultura, palaisdaan at pagtotroso.

Hindi lamang sa mga pananim at uri ng pinagkakikitaan ang nakakaimpluwensya sa uri ng pamumuhay ng mga tao sa isang lugar. Ibinigay rin nila ang kanilang kasuotan ayon sa kanilang klima. Sa lugar na malamig tulad ng bayan ng Sergio Osmeña, Josefina at Aurora ang mga tao ay nagsusuot ng makakapal na damit upang hindi ginawin. Maninipis at maluluwag naman ang kasuotan ng mga nasa maiinit na lugar tulad tulad ng lungsod ng Zamboanga, Dapitan at Pagadian. Kung ang lokasyon naman ng isa sa mga lalawigan ay laging dinaraanan ng bagyo, ibayong paghahanda ang kanilang ginagawa. Bukod dito, ang kanilang mga bahay ay karaniwang mababa at yari sa bato at kogon. Bangkang-bahay naman ang tirahan ng mga Samal at Badjao. Ito ang angkop sa kanilang lugar. Dahil dito, masasabing nakakaimpluwensiya ang lokasyon at klima ng isang lugar sa uri ng pamumuhay ng mga tao sa isang lugar.

Ang rehiyong nasa katimugan ng Pilipinas ay ang Rehiyon IX o Zamboanga Peninsula. Ito ay napaliligiran ng mga dagat at may mabubundok na mga lupain. Ang mga lalawigang sakop sa rehiyong ito ay ang Zamboanga del Norte, Zamboanga del Sur at Zamboanga Sibugay.

**Zamboanga del Norte**



Ang Zamboanga del Norte ay isang mabundok na lalawigan. Dito matatagpuan ang pinakamataas na bundok sa rehiyon, ang **Bundok Dabiah**. Pagsasaka ang pangunahing pamumuhay ng mga tao rito. Pangingisda naman ang ikinabubuhay ng mga lugar na malapit sa dagat. Paghahayupan at pagtotroso naman ang kadalasang hanapbuhay ng mga mamamayang naninirahan malapit sa mga kabundukan at mga kagubatan.

**Zamboanga del Sur**




Ang Zamboanga del Sur naman ay binubuo ng mabubundok na lupain sa hilagang bahagi nito at lambak at kapatagan naman sa timog hanggang kanlurang bahagi nito.
Pagsasaka, pangingisda, paghahayupan, at pagtotroso ang pangunahing ikinabubuhay ng mga tao rito.
Ang pinakamahabang ilog ng rehiyon, ang **Ilog Sibugay** ay kumukuha ng tubig sa kabundukan ng Zamboanga del Sur, sa mga bayan ng Bayog at Lakewood.

**Zamboanga Sibugay**




Ang Zamboanga Sibugay ay ang pinakabagong naitatag na lalawigan ng Rehiyon IX. Ito ay dating bahagi ng lalawigan ng Zamboanga del Sur kaya ang heograpiya at katangiang pisikal ng lalawigang ito ay kahalintulad din nito na mabundok at may mga lambak at kapatagan. Pagsasaka, pangingisda, pag-aalaga ng hayop at pagtotroso ang pangunahing ikinabubuhay ng mga mamamayan ng lalawigang ito.



Sa mga nakalipas na panahon dahil sa maraming suplay ng pangkagubatang produkto, nakilala ang rehiyon bilang angkatan ng mga kahoy.
Sa kasalukuyan, ang mga troso na mula pa noong unang panahon ay nanggagaling sa matandang kagubatan ay unti-unting nang nawawala.

**Iba't Ibang Uri ng Pamumuhay sa Rehiyon IX**


1. **Pagsasaka**



Ang pangunahing pamumuhay ng mga tao sa rehiyon dahil sa matatabang lupain nito na angkop tamnan ng iba't ibang uri ng halaman tulad ng palay, mais, niyog, gulay, mga bungangkahoy at punongkahoy na ginagamit sa paggawa ng bahay at mga muwebles. May taniman din ng goma sa rehiyon na ginagamit sa paggawa ng mga gulong ng sasakyan at iba pang produkto.

Ang mga produkto ng pagsasaka ang pinagkukunan ng pangunahing pangangailangan ng mga mamamayan sa rehiyong ito.


2. **Pangingisda**



Ito naman ang pamumuhay ng mga tao na naninirahan malapit sa mga katubigan.

Ang rehiyon ay napapalibutan ng karagatan kaya ang mga produktong galing sa dagat ay sagana rito tulad ng isda, hipon, alimango at mga kabibe.

3. **Paghahayupan**



Ito naman ang hanapbuhay ng mga mamamayan sa kabundukan maging sa kapatagan. Sila ay nag-aalaga ng mga hayop tulad ng baboy, baka, manok at iba pang mga hayop na maaaring ipagbili bilang karne at ang mga produkto nito tulad ng itlog at gatas.

**4. Pagtotroso**



Ito naman ang ikinabubuhay noon ng mga mamamayan sa rehiyon na nakatira malapit sa mga kagubatan. Subalit dahil sa mga hakbang ng pamahalaan na pangalagaan ang mga kagubatan ay unti-unti itong humina at natigil.

Ang mga punong maaaring putulin ay iyong mga sadyang itinanim dahil ipinagbabawal na ng pamahalaan ang pamumutol sa mga kagubatan.

Malaki ang kaugnayan ng katangiang pangheograpiya o katangiang pisikal ng isang lugar sa pagbuo at paghubog ng uri ng pamumuhay ng mga taong nakatira rito.

Iniaangkop ng mga tao ang kanilang pamumuhay sa kanilang kapaligiran.

Dahil sa modernisasyon at industriyalisasyon ng mga bayan, lungsod, at lalawigan maraming uri ng pamumuhay ang nabuksan tulad ng pagtatrabaho sa mga mall, pabrika, call center at marami pang iba.

Mahalagang malaman natin ang uri ng pamumuhay ng mga tao sa sariling lalawigan at rehiyon dahil ito ang bumubuhay sa atin. Ito ang dahilan kung bakit mayroon tayong pagkain sa ating hapag-kainan araw-araw. Utang natin sa mga magsasaka, mangingisda at maghahayupan ang pagkain na ikinabubuhay natin.

Dapat nating ipagmalaki at pahalagahan ang mga uri ng pamumuhay ng mga mamamayan sa ating lalawigan at rehiyon at dapat ay ikarangal at igalang natin maging anuman ang kabuhayan ng bawat isa maging payak man ito dahil lahat ng hanapbuhay ay mahalaga sa paghubog ng isang maunlad na lalawigan at rehiyon.



# Suriin

**Panuto**: Ipares ang angkop na uri ng pamumuhay sa Hanay A sa uri ng heograpiya ng lugar sa Hanay B. Isulat ang titik sa iyong papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Pagtotroso | A. Pastulan sa mga burol at kapatagan |
| 2. Pagtatrabaho sa Opisina | B. Dagat, lawa at mga ilog |
| 3. Pagsasaka | C. Pook Urban tulad ng bayan at lungsod |
| 4. Pangingisda | D.Kagubatan sa mga kabundukan |
| 5. Paghahayupan | E. Kapatagan, lambak at talampas |
| 6. Paghahayupan | |



# Pagyamanin

Panuto: Piliin sa kahon ang tamang sagot sa bawat pahayag sa ibaba. Isulat ito sa inyong papel.

| | | |
|---|---|---|
| **Zamboanga del Sur** | **Bundok Dabiah** | **Zamboanga del Norte** |
| **Zamboanga Sibugay** | **Zamboanga Peninsula** | **Ilog Sibugay** |

1. Ito ang pangalan ng Rehiyon IX.
2. Ang pinakamataas na bundok sa Rehiyon IX.
3. Ito ang pinakamahabang ilog sa Zamboanga Peninsula.
4. Ang pinakabagong naitatag na lalawigan ng Rehiyon IX.
5. Ang lalawigan kung saan matatagpuan ang kabisera ng Zamboanga Peninsula.



# Gawain


Panuto: Basahin ang mga pangyayari. Iguhit ang mukhang ito  kung masaya ka at ito  naman ang iguhit kung malungkot ka sa mga pangyayari. Iguhit ito sa inyong papel.

1. Ginawang patag ang mabundok na bahagi ng inyong lugar upang gawing subdibisyon.
2. Ipinagbabawal ang pagputol ng mga puno sa kagubatan.
3. Gumagamit ng dinamita ang mga mangingisda upang makarami ng huli.
4. Ang mga magsasaka ay gumagamit ng mga makabagong makinarya upang mapadali ang pagtatanim at pag-aani.
5. Ginawang pastulan ng mga baka ang mga malalagong damuhan.



# Isaisip

Panuto: Magsaliksik ng iba pang mga uri ng kabuhayan sa iyong lalawigan at rehiyon na hindi nabanggit sa aralin. Isulat ang mga ito sa graphic organizer sa ibaba.





# Tayahin

Panuto: Basahin ang bawat tanong at pahayag. Piliin at isulat ang titik ng iyong sagot sa papel.

1. Si Ann ay pupunta sa isang bayan sa Zamboanga del Sur. Alam niya na mabundok ang lugar na iyon. Anong uri ng damit ang dapat niyang dalhin?
   A. Mini skirt at high heels
   B. Mahabang damit
   C. Manipis na damit
   D. Pantalon at rubber shoes
2. Bakit kailangang iangkop ng mga mamamayan ang kanilang pamumuhay sa heograpiya ng lugar?
   A. Dahil dito sila kumukuha ng kanilang ikinabubuhay.
   B. Dahil ito ang nakagisnan nilang pamumuhay.
   C. Dahil wala silang ibang pagkakakitaan.
   D. Upang manatiling silang ligtas sa panganib.
3. Pinagagawa kayo ng inyong guro ng isang ulat tungkol sa kabuhayan ng iyong mag-anak. Isang mangingisda ang iyong ama. Ano ang iuulat mo?
   A. Hindi ko sasabihin sa ulat ang trabaho ng aking ama
   B. Iuulat at ipagmalaki ko ang pamumuhay ng aking ama.
   C. Ikahiya ko ang pamumuhay ng aking ama.
   D. Hindi ako gagawa ng ulat.
4. Isang negosyante si Ginoong Reyes. Nais niyang gumawa ng isang piggery o babuyan. Saang lugar niya ito ilalagay?
   A. Sa isang mabundok na lugar.
   B. Sa lugar na malapit sa lawa o ilog.
   C. Sa isang patag na lugar na malayo sa kabahayan.
   D. Sa isang lugar na mahangin at may malalagong damuhan.
5. Paano naiuugnay ang heograpiya ng isang lugar sa paghubog ng pamumuhay ng mga taong nakatira rito?
   A. Iniaangkop ng mga tao ang kanilang kabuhayan sa uri ng kanilang kapaligiran.
   B. Iniaangkop nila ang kanilang paniniwala at kaugalian sa uri ng kanilang kapaligiran.
   C. Ang kanilang kapaligiran ang nagdidikta sa uri ng kanilang kabuhayan.
   D. Ang uri ng kapaligiran ay walang epekto sa uri ng pamumuhay ng mga taong nakatira rito.

# Karagdagang Gawain

Panuto: May nais ka bang maging kabuhayan balang araw? Iguhit ito sa loob ng kahon sa ibaba.



## Susi sa Pagwawasto:

**Gawain**



1.
2.
3.
4.
5.

**Pagyamanin**

1. Zamboanga Peninsula
2. Bundok Dabiah
3. Ilog Sibugay
4. Zamboanga Sibugay
5. Zamboanga del Sur

**Suriin**

1. D
2. C
3. E
4. B
5. A

**Balikan**

1. B
2. C
3. A
4. D
5. A

**Tayahin**

1. D
2. A
3. B
4. C
5. A

## Sanggunian:


### Aklat

Araling Panlipunan 3, Ikatlong Baitang Kagamitan ng Mag-aaral Unang Edisyon, 2014

### Website

- 9https://www.slideshare.net/mobile/lhoralight/k-to-12-grade-3-learners-material-in-araling-panlipunan

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons,
Boholanos, Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain; Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.